DILEMMA #1: PAGLILINIS NG KOMUNIDAD

Habang naglalakad ka sa iyong komunidad, napansin mo na maraming basura sa isang pampublikong parke. Nakita mo rin na may ilang mga kaibigan mo na nagtatapon ng basura at walang pakialam. Ano ang gagawin mo? Susubukan mo bang kausapin ang iyong mga kaibigan tungkol sa tamang pagtatapon ng basura at mag-organisa ng isang cleanup drive, kahit na maaari silang magalit sa iyo? O mananatiling tahimik na lamang at hayaan na lang sila?

DILLEMA #2: PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT KATARUNGAN

May bagong estudyante sa klase ninyo na madalas binu-bully dahil sa kanyang kakaibang pananamit at kakaibang paniniwala. Alam mo na mali ang bullying pero natatakot kang masali sa gulo at baka ikaw naman ang bu-bully-hin. Ano ang gagawin mo? Magre-report ka ba sa guro kahit na natatakot kang madamay, o mananatiling tahimik at hindi makikialam?

DILEMMA #3: PAKIKILAHOK SA KOMUNIDAD

Ang inyong barangay ay nag-organisa ng isang proyekto para sa kalinisan ng ilog. Ito ay mangyayari sa araw na may inaasahan kang outing kasama ang iyong mga kaibigan. Ano ang gagawin mo? Sasali ka ba sa proyekto ng barangay at ipagpapaliban ang outing, o pipiliin mong sumama sa outing at hindi makikilahok sa community service?

LIVEWORKSHEETS